Patnubay para sa Masiglang Pakikibahagi sa Pagdiriwang ng Banal na Misa

PATNUBAY SA MISA

14 Mayo 2017 | Ika-5 Linggo ng Pasko ng Muling Pagkabuhay | Taon A

ARAW NG MGA INA

NAKAUGAT KAY HESUS – ANG ATING DAAN, KATOTOHANAN, AT BUHAY

Ngayong Ikalimang Linggo ng Muling Pagkabuhay, nililingon nati't ipinagpapasalamat ang lahat ng biyaya sa atin ng Makapangyarihang Diyos. Pinasasalamatan natin Siya lalung-lalo na sa kaloob Niyang si Hesus, ang Muling Nabuhay nating Kapatid at Tagapagligtas, na sa nakaraang linggo ay nakasama natin bilang kapwa manlalakbay at bilang Mabuti nating Pastol. Patuloy pa rin niya tayong aakayin buhat sa kalituhan at kasinungalingan ng isang lipunang batbat ng katiwalian tungo sa katahimikan ng tahanan ng Diyos – sa langit!

Tibayan nawa ng Eukaristiyang ito ang ating pagkakabuklod sa isa't isa at kay Hesus na siya nating DAAN, KATOTOHANAN, AT BUHAY. Bilang kabahagi ng Simbahang kanyang Katawan, makapagdulot nawa tayo sa sangkatauhan ng matatag na pag-asa sa mas magandang kinabukasan habang patuloy ito sa paghanap ng kapayapaan, habag, at pagkakaisa.

Sa Eukaristiyang ito, ipanalangin din natin ang lahat ng mga nanay lalong lalo na't ipinagdiriwang natin ngayon ang Araw ng mga Ina.

PASIMULA

Pambungad

(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)

Bagong awit ay ialay sa ating Poong Maykapal. Tanang bansa'y nakinabang sa kanyang kapangyarihan. Aleluya, s'ya'y idangal!

Pagbati

***P*–**Pagpalain ang Diyos, Amang Makapangyarihang nagkaloob sa atin sa pamamagitan ni Hesus ng lahat ng kailangan nating espirituwal. Ang Kanyang pagpapala at kapayapaan ay sumainyong lahat!
***B* – At sumaiyo rin!**

Pagsisisi

***P*–**Sa paghahanda natin para sa pagdiriwang ng mga banal na misteryo, alalahanin natin ang ating mga kasalanan at hilingin sa Panginoon ang kapatawaran at lakas. *(Manahimik sandali.)*

***P* –**Panginoong Hesus, ikaw ang dakilang Lingkod-Pinunong namatnubay sa amin sa pamamagitan ng iyong halimbawa ng kababaang-loob at paglilingkod. Panginoon, kaawaan mo kami!

***B* – Panginoon, kaawaan mo kami!**

***P* –**Panginoong Hesus, ikaw ang panulukang-bato, ang sandigan ng aming pag-asa at ikinalalasap namin ng katiwasayan at kapayapaan. Kristo, kaawaan mo kami!

***B* – Kristo, kaawaan mo kami!**

***P* –**Panginoong Hesus, ikaw ang aming Daan patungo sa Ama, ang aming Katotohanan, at aming Buhay. Panginoon, kaawaan mo kami!

***B* – Panginoon, kaawaan mo kami!**

***P* –** Kaawaan nawa tayo ng Makapangyarihang Diyos, patawarin tayo sa ating mga kasalanan, at pagkalooban tayo ng buhay na walang hanggan.
***B* – Amen!**

Papuri

***B*–** Papuri sa Diyos sa kaitaasan at sa lupa'y kapayapaan sa mga taong kinalulugdan niya. Pinupuri ka namin, dinarangal ka namin, sinasamba ka namin, ipinagbubunyi ka namin, pinasasalamatan ka namin dahil sa dakila mong angking kapurihan. Panginoong Diyos, Hari ng langit, Diyos Amang makapangyarihan sa lahat.

Panginoong Hesukristo, Bugtong na Anak, Panginoong Diyos, Kordero ng Diyos, Anak ng Ama. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, tanggapin mo ang aming kahilingan. Ikaw na naluluklok sa kanan ng Ama, maawa ka sa amin. Sapagkat ikaw lamang ang banal, ikaw lamang ang Panginoon, ikaw lamang, O Hesukristo, ang Kataas-taasan, kasama ng Espiritu Santo sa kadakilaan ng Diyos Ama. Amen!

Panalanging Pambungad

***P*–**Ama naming makapangyarihan, kaming mga tinubos ay tunghayan mo ngayon sa iyong kagandahang-loob upang sa pagsampalataya sa Anak mong

si Kristo makamtan ang kalayaan at pamana sa piling mo sa pamamagitan niya kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.
***B* – Amen!**

PAGPAPAHAYAG NG SALITA NG DIYOS

Unang Pagbasa *Gw 6:1-7*

Bawat krisis ay maaaring maging pagkakataong mapagyayaman. Ganito ang pinatunayan sa mga unang pamayanan ng mga mananampalataya sa Jerusalem nang ang mga pagbibintang ng diskriminasyon ay nagbunsod sa pagtatatag ng isang bagong uri ng paglilingkod-pamumuno ng mga diyakono sa Simbahan.

***L* –** Pagpapahayag mula sa mga Gawa ng mga Apostol

Noong mga araw na iyon, dumarami na ang mga sumasampalataya at nagreklamo ang mga Helenista laban sa mga Hebreo. Sinabi nilang ang mga babaing balo sa pangkat nila ay napapabayaan sa pang-araw-araw na pamamahagi ng ikabubuhay.

Kaya't tinipon ng Labindalawa ang buong kapulungan ng mga sumasampalataya at sinabi sa kanila, "Hindi namin dapat pabayaan ang pangangaral ng salita ng Diyos upang mangasiwa sa pamamahagi ng ikabubuhay. Kaya, mga kapatid, pumili kayo sa mga kasamahan ninyo ng pitong lalaking kilala sa pagiging mabuti, matatalino at puspos ng Espiritu Santo, at ilalagay namin sila sa tungkuling ito. At iuukol namin ang buong panahon sa pananalangin at sa pangangaral ng Salita."

Nalugod ang buong kapulungan sa panukala ng mga apostol; kaya't pinili nila si Esteban, isang lalaking matibay ang pananalig sa Diyos at puspos ng Espiritu Santo, at sina Felipe, Procoro, Nicanor, Timon, Parmenas, at Nicolas na taga-Antioquia, isang Hentil na naakit sa Judaismo. Iniharap sila sa mga apostol; sila'y ipinanalangin ng mga ito at pinatungan ng kamay.

Patuloy na lumaganap ang salita ng Diyos; at ang sumasampalataya ay parami nang parami sa Jerusalem. At maging sa mga saserdote, marami ang sumampalataya.

Ang Salita ng Diyos!
***B* – Salamat sa Diyos!**

Salmong Tugunan *Awit 32*

B* – *Poon, pag-asa ka namin, pag-ibig mo'y aming hiling!

R. M. Velez



*** Lahat ng matuwid dapat na magsaya dahil sa ginawa ng Diyos sa kanila; kayong masunuri'y magpuri sa kanya! Ang Diyos na Poon ay pasalamatan, tugtugin ang alpa't awit ay saliwan.** ***B.***

*** Panginoo'y tapat sa kanyang salita, at maaasahan ang kanyang ginawa. Minamahal niya ang gawang matapat, ang pag-ibig niya sa mundo'y laganap.** ***B.***

*** Ang may takot sa Diyos, at nagtitiwala sa kanyang pag-ibig, ay kinakalinga. Hindi babayaang sila ay mamatay, kahit magtaggutom sila'y binubuhay.** ***B.***

Ikalawang Pagbasa *1 Ped 2:4-9*

Si Hesukristo ang Buhay na Panulukang-batong kinatatayuan ng gusaling espirituwal ng Simbahan. Lahat naman ng sumasampalataya ay tulad ng maraming "batong buhay" na dinudulutan ng Diyos ng katangi-tanging pribilehiyong maging kabahagi ng naturang gusali.

***L* –** Pagpapahayag mula sa Unang Sulat ni Apostol San Pedro

Mga pinakamamahal: Lumapit kayo sa Panginoon, sa batong buhay na itinakwil ng mga tao, ngunit hinirang ng Diyos at mahalaga sa kanyang paningin.

Wari'y mga batong buhay, maging sangkap kayo ng isang templong espiritwal. At bilang mga saserdoteng nakatalaga sa Diyos, maghandog kayo sa kanya ng mga haing espiritwal na kalugud-lugod sa Diyos dahil kay Hesukristo. Sapagkat sinasabi ng Kasulatan: *"Masdan ninyo, itinayo ko sa Sion ang isang batong panulukan, hinirang at mahalaga; hindi mabibigo ang sinumang nananalig sa kanya."*

Kaya nga, mahalaga siya sa inyong mga may pananalig. Ngunit sa mga walang pananalig, matutupad ang nasa Kasulatan: *"Ang batong itinakwil ng mga tagapagtayo ay siyang naging batong-panulukan"* at *"naging batong katitisuran at ikararapa ng mga tao."* Natisod sila sapagkat hindi sila sumunod sa salita ng Diyos; ito ang itinalaga sa kanila. Datapwat kayo ay isang lahing hinirang, mga saserdote ng Hari, isang bansang nakatalaga sa Diyos. Pinili kayo ng Diyos upang maging kanya at maghayag ng mga kahanga-hangang gawa niya. Siya rin ang tumawag sa inyo mula sa kadiliman tungo sa kanyang kagila-gilalas na kaliwanagan.

Ang Salita ng Diyos!
***B* – Salamat sa Diyos!**

Aleluya *Jn 14:6*

***B* – Aleluya! Aleluya!**
Ikaw, O Kristo, ang Daan, ang Katotohana't Buhay patungo sa Amang mahal.
Aleluya! Aleluya!

Mabuting Balita *Jn 14:1-12*

Si Hesus ay di lamang ang ating Tagapagturo; siya rin ang ating Daang patungo sa pangwakas na hantungan. Siya ang ating Buhay at ikinapagiging makahulugan ng ating buhay at bawat pagsisikap dahil sa kanyang pakikipagkaisa sa Ama.

***P* –** Ang Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay San Juan
***B* – Papuri sa iyo, Panginoon!**

Noong panahong iyon, sinabi ni Hesus sa kanyang mga alagad: "Huwag kayong mabalisa; manalig kayo sa Diyos at manalig din kayo sa akin. Sa bahay ng aking Ama ay maraming silid; kung hindi gayon, sinabi ko na sana sa inyo. At paroroon ako upang ipaghanda ko kayo ng matitirhan. Kapag nakaroroon na ako at naipaghanda na kayo ng matitirhan, babalik ako at isasama kayo sa kinaroroonan ko. At alam na ninyo ang daan patungo sa pupuntahan ko."

Sinabi sa kanya ni Tomas, "Panginoon, hindi po namin alam kung saan kayo pupunta, paano naming malalaman ang daan?" Sumagot si Hesus, "Ako ang DAAN, ang KATOTOHANAN, at ang BUHAY. Walang makapupunta sa Ama kundi sa pamamagitan ko. Kung ako'y kilala ninyo, kilala na rin ninyo ang aking Ama. Mula ngayon ay kilala na ninyo siya at inyong nakita."

Sinabi sa kanya ni Felipe, "Panginoon, ipakita po ninyo sa amin ang Ama, at masisiyahan na kami." Sumagot si Hesus, "Matagal na ninyo akong kasama, Felipe! Diyata't hindi mo pa ako nakikilala? Ang nakakita sa akin ay nakakita na sa Ama. Bakit mo sinasabing: 'Ipakita mo sa amin ang Ama'? Hindi ka ba naniniwalang ako'y sumasa-Ama at ang Ama'y sumasaakin? Ang mga salitang sinasabi ko ay hindi ko sinasabi sa ganang aking sarili. Ang Amang sumasaakin ang gumaganap ng kanyang mga gawain. Maniwala kayo sa akin: ako'y sumasa-Ama at ang Ama ay sumasaakin. Kung ayaw ninyong maniwala sa sinasabi ko, maniwala kayo dahil sa mga gawang ito.

Sinasabi ko sa inyo: ang nananalig sa akin ay makagagawa ng mga ginagawa ko at higit pa rito, sapagkat pupunta na ako sa Ama."

Ang Mabuting Balita ng Panginoon!

B **– Pinupuri ka namin, Panginoong Hesukristo!**

Homiliya

Sumasampalataya

B– Sumasampalataya ako sa Diyos Amang makapangyarihan sa lahat, na may gawa ng langit at lupa.

Sumasampalataya ako kay Hesukristo, iisang Anak ng Diyos, Panginoon nating lahat. Nagkatawang-tao siya lalang ng Espiritu Santo, ipinanganak ni Santa Mariang Birhen. Pinagpakasakit ni Poncio Pilato, ipinako sa krus, namatay, inilibing. Nanaog sa kinaroroonan ng mga yumao. Nang may ikatlong araw nabuhay na mag-uli. Umakyat sa langit. Naluluklok sa kanan ng Diyos Amang makapangyarihan sa lahat. Doon magmumulang paririto at huhukom sa nangabubuhay at nangamatay na tao.

Sumasampalataya naman ako sa Diyos Espiritu Santo, sa banal na Simbahang Katolika, sa kasamahan ng mga banal, sa kapatawaran ng mga kasalanan, sa pagkabuhay na muli ng nangamatay na tao at sa buhay na walang hanggan. Amen!

Panalangin ng Bayan

P – Natitipon dito sa harap ni Kristong Muling Nabuhay, ang ating Daan patungo sa Ama, panatag tayong umaasa sa kanyang walang-takdang pagmamahal sa atin. Kaya nga, pakumbaba nating idinudulog sa kanya ang ating mga kahilingan para sa mga pangangailangan ng sangkatauhan, habang idinadalangin nating:

B **– Panginoong Hesus, akayin mo kami sa Ama!**

* Para sa Simbahang panlahat, na pamayanan ng mga disipulong nakapaligid kay Hesus, ang Panulukang-bato: Nawa siya'y maging bukal ng inspirasyon at pag-asa. Manalangin tayo! ***B.***

* Para sa ating mga Obispo, ating Kura Paroko, at iba pang pinunong espirituwal: Nawa maipakita nila sa atin ang kabanalan ni Hesus at gabayan nila tayo sa ibayong pakikipagkaisa sa Ama. Manalangin tayo! ***B.***

* Para sa lahat ng wala nang direksiyon sa buhay, nalilito't pinanghihinaan ng loob: Matagpuan nawa nila sa mga turo ng Simbahan at sa ating mabuting halimbawa ang kailangan nilang pamamatnubay at pampalakasloob. Manalangin tayo! ***B.***

* Para sa mga may malubhang karamdaman at malapit nang mamatay: Matagpuan nawa nila sa mga pangako ni Hesus ang sandigan ng kanilang pag-asang mabuhay magpakailanman sa Tahanan ng Ama. Manalangin tayo! ***B.***

* Para sa bawat isa sa atin at sa ating pamayanan sa parokya: Nawa manatili tayong nagkakaisa sa pagmamahal ni Hesus, na siyang panulukang-bato ng ating gusaling espirituwal. Manalangin tayo! ***B.***

* Para sa lahat ng mga ina: Nawa maging mapag-aruga, mahinahon, at mapag-pasensya sila sa kanilang mga anak tulad ni Maria kay Hesus. At nawa sila'y pagpalaing lubos sa pag-ibig na kanilang ipinakita. Manalangin tayo! ***B.***

* Tahimik nating ipanalangin ang ating mga pansariling kahilingan. *(Tumigil sandali.)*

Manalangin tayo! ***B.***

P – Diyos na aming Ama, pinasasalamatan Ka namin sa kaloob Mong buhay na walang hanggan sa pamamagitan ni Hesus na Iyong Anak at aming Kapatid. Lahat nawa ng aming isip, salita, at gawa ay umalinsunod sa Iyong kalooban at maghatid sa amin sa kagalakan sa tahanan Mo, kasama ni Hesus at ng Banal na Espiritung iisang Diyos magpakailanman.

B– **Amen!**

PAGDIRIWANG NG HULING HAPUNAN

P – Manalangin kayo . . .

B **– Tanggapin nawa ng Panginoon itong paghahain sa iyong mga kamay sa kapurihan niya at karangalan, sa ating kapakinabangan at sa buong Sambayanan niyang banal.**

Panalangin ukol sa mga Alay

P – Ama naming Lumikha, sa paghahain ng banal na pagpapalitan ng iyong mga kaloob at ng aming alay kami'y pinapagsasalo mo sa iyong buhay na namumukod-tangi at walang kapantay. Ipagkaloob mong ang aming pakikinabang sa iyong pakikisamang aming maaasahan ay siya ring umiral sa aming pamumuhay araw-araw sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B **– Amen!**

Prepasyo ng Pagkabuhay II

P – Ama naming makapangyarihan, tunay ngang marapat na ikaw ay aming pasalamatan ngayong ipinagdiriwang ang paghahain ng Mesiyas, ang maamong tupa na tumubos sa aming lahat.

Sa paghahain ng sariling buhay at sa pagkabuhay ng Anak mong mahal, nabuksang ganap ang iyong tahanan at kaming pinaghaharian mo'y naging kasambahay. Sa pagkamatay niya sa krus, nalupig ang kamatayan. Sa kanyang pagkabuhay, naging buhay siya ng tanan.

Kaya kaisa ng mga anghel na nagsisiawit ng papuri sa iyo nang walang humpay sa kalangitan, kami'y nagbubunyi sa iyong kadakilaan:

B **– Santo, santo, santo . . .**

Pagbubunyi

***B*– Aming ipinahahayag na namatay ang 'yong Anak, nabuhay bilang Mesiyas at magbabalik sa wakas para mahayag sa lahat.**

PAKIKINABANG

***B*– Ama namin . . .**
***P*–** Hinihiling namin . . .
***B*– Sapagkat iyo ang kaharian at ang kapangyarihan at ang kapurihan magpakailanman! Amen!**

Paanyaya sa Kapayapaan

Paghahati-hati sa Tinapay

***B*– Kordero ng Diyos . . .**

Paanyaya sa Pakikinabang

***P*–** Ito ang Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan. Mapalad ang mga inaanyayahan sa kanyang piging.
***B*– Panginoon, hindi ako karapat-dapat na magpatuloy sa iyo ngunit sa isang salita mo lamang ay gagaling na ako.**

Antipona ng Pakikinabang

(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)

Ako ang puno ng ubas, kayo'y aking sangang lahat. Ang manatiling matapat, magbubunga nang marapat. Aleluya sa Mesiyas!

Panalangin Pagkapakinabang

***P*–** Ama naming mapagmahal, manatili kang kapiling ng iyong sambayanan na ngayo'y pinapakinabang mo sa iyong sariling buhay at gawin mong kami'y pasulong na makahakbang mula sa dati naming pagkamakasalanan patungo sa pagbabagong nagdudulot ng iyong kabutihan sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.
***B*– Amen!**

PAGWAWAKAS

***P*–** Sumainyo ang Panginoon.
***B*– At sumaiyo rin!**

***P*–** Magsiyuko kayo at ipanalangin ang pagpapala ng Diyos. *(Manahimik saglit.)* Patnubayan nawa kayo ng Diyos ng lahat ng karunungan at kasiyahan sa DAAN ng kapayapaan.
***B*– Amen!**

***P*–** Liwanagan Niya nawa ng KATOTOHANAN ang inyong mga isipan at pasiglahin kayong mamuhay sa tanglaw nito.
***B*– Amen!**

***P*–** Iligtas nawa kayo sa lahat ng panganib at pagkalooban kayo ng kasaganaan ng Kanyang BUHAY at kaligayahan.
***B*– Amen!**

***P*–** Pagpalain nawa kayo ng makapangyarihang Diyos: Ama, Anak, at Espiritu Santo.
***B*– Amen!**

***P*–** Humayo kayo sa kapayapaan upang mahali't paglingkuran ang Panginoon.
***B*– Salamat sa Diyos!**

MGA PANAUHIN NG DIYOS SA MGA MANSIYONG WALANG HANGGAN

Sa pagninilay natin kay Hesus kung ano siya sa kanyang sarili at sa atin, ikamamangha natin ang mayamang kahulugan ng mga bansag sa kanya, gaya ng mahahango natin sa mga pagbasa para ngayon.

Tinuturan siya ni Pedro bilang "BATONG BUHAY" at "PANULUKANG-BATO" na kinatatayuan ng Simbahan. *(Sangguniin ang Ikalawang Pagbasa.)* Bilang orihinal na ***"batong buhay,"*** si Hesus ang bukal ng ating buhay at ang sanhi ng ating pamamalagi't ginagampanan sa Simbahan. Kung wala siya, wala ring Simbahan bilang gusaling *espirituwal*. Wala ring mas maliliit na "batong buhay" na ginamit ng Diyos sa pagtatayo ng Templo ng Kanyang dakilang plano.

Ang pagiging ***"Panulukang-bato"*** ni Hesus ay nagpapahiwatig ng *pagiging buo* at *pangunahin*. Walang gusali ang makatatayo nang walang matibay na sandigan. Gayundin, kung wala si Kristo bilang panulukang-bato, wala ring matatag na Simbahan. Mga paguusig at pagtalikod ay makapapawi rito nang lubusan. Ngunit ang Simbahan ay nanatiling buhay sa loob ng 2,000 taon – malinaw na palatandaan ng pinakamatatag at buo nitong panulukang-bato.
Sa Ebanghelyo, ipinaaalaala sa atin ni Hesus ang tatlong katuturan ng kanyang pagiging ***"ANG DAAN, ANG KATOTOHANAN,*** at ***ANG BUHAY."***

Bilang ***"Ang Daan,"*** ipinaaalaala niya sa atin na siya ang tiyak, matuwid, at subok nang daang patungo sa langit. Si Hesus ay siya ring ***"Katotohanan"*** sa kanyang kabuuan – ang katotohanan tungkol sa Diyos at ang katotohanan tungkol sa tao. Siya ang mahalagang katotohanang nagbibigay-kahulugan sa lahat ng katotohanang pinaghahanguan natin ng ating mga katiyakan sa buhay. Si Hesus ***"Ang Buhay,"*** ang orihinal na buhay na walang simula o wakas, ang Buhay na pinaghahanguan ng pag-iral ng lahat ng may buhay at inaasahan para sa kanilang pagpapatuloy.

Si Hesus ay lahat ng ito . . . at higit pa. Ang marapat nating tugon sa kanya ay ang kanya na ring sariling mungkahi sa simula ng sipi ng Ebanghelyo para ngayon: "Huwag kayong mabalisa. Manalig kayo sa Diyos at manalig din kayo sa akin." Pagkat kung tunay tayong maniniwala sa kanya at magtitiwalang lubos sa kanya, hindi tayo masisiphayo, at sadyang walang sukat makabalisa sa atin.

WORD & LIFE PUBLICATIONS

Don Bosco Compound, A. Arnaiz Ave. cor. Chino Roces Ave., Makati, Metro Manila
Postal Address: P.O. Box 1820, MCPO, 1258 Makati, Metro Manila, Philippines
Tel. Nos. 894-5401; 894-5402; 892-2169 • ***Telefax:*** 894-5241 • ***Website:*** www.wordandlife.org
• ***E-mail:*** marketing@wordandlife.org, wordandlifepublications@gmail.com • ***FB:*** Word & Life Publications
• ***Editorial Team:*** Fr. S. Putzu, C. Valmonte, G. Ramos, R. Molomog, V. David, K. Dy, D. Daguio
• ***Illustrations:*** A. Sarmiento, B. Cleofe • ***Circulation:*** R. Saldua